Ministeryo sa Kalusugan, Paggawa at Kapakanan (2017) Proyektong Panlabas

# Seminar sa Pagsasanay ng Kakayahan para sa mga Dayuhang Manggagawa at Teknikal Intern Trainee sa Pagawaan ng Barko

**~para sa kaligtasan ng lahat upang makaiwas sa kapahamakan o sakuna~**

Pambansang Tanggapan sa Pag-papalaganap ng Kaligtasan at Kalusugan sa mga Pagawaan ng Barko

# MGA NILALAMAN


| | | |
|---|---|---|
| | PANIMULA | … |
| 1 | Pangkalahatang Kaalaman | … |
| 2 | Pag-iwas sa mga Sakunang Pagkahulog o Nalaglag | … |
| 3 | Pag-iwas sa mga Sakunang Pag-guho o Nadaganan | … |
| 4 | Pag-iwas sa mga Sakunang Pagkaka-ipit | … |
| 5 | Pag-iwas sa mga Sakunang Makoryente | … |
| 6 | Pag-iwas sa mga Sakunang Pag-sabog o Sunog | … |
| 7 | Pag-iwas sa mga Sakunang Masugatan o Magalusan | … |
| 8 | Pag-iwas sa mga Sakunang Pagkadapa | … |
| 9 | Pag-iwas sa mga Sakit mula sa Pagtratrabaho | … |
| 10 | Mga Halimbawa ng Sakuna/Disgrasya | … |

# Introduction

## Sa Lahat ng Dayuhan Nag-tratrabaho sa Pagawaan ng Barko dito sa Japan

**Ang mga dayuhan gumagawa sa pagawaan ng barko dito sa Japan ay dumarami kada taon at ito ay higit pang darami sa mga darating na panahon.**
**Sila ngayon ay lubhang mahalaga bilang kasama sa paggawa sa mga pagawaan.**

**Sa kabilang panig, madalas na nanganganib sa sakuna o disgrasya ang mga nagtratabaho sa pagawaan ng barko na hindi nila kabisado.**
**Upang mapangalagaan ninyo ang sarili mula sa sakuna o disgrasya ay dapat ninyong alamin ang mga naka-takdang patakaran at siguraduhin lang na ito ay inyong susundin.**

**Ang Pamahalaan ng Japan ay nag-atas sa Pambansang Tanggapan sa Pag-papalaganap ng Kaligtasan at Kalusugan sa mga pagawaan ng barko na bigyan ng edukasyon ang mga dayuhan mangagawa sa pag-iwas sa disgrasya.**
**Pag-aralan po ninyo itong mabuti at umaasa kami na ito ay inyong magagamit sa inyong trabaho simula bukas.**

**Hangad namin na ang lahat ay makapagtrabaho ng masigla at ligtas, at sana ay maging aktibo sa pagpapalaganap ng kaalaman at kagalingan inyong natutuhan dito sa Japan.**


**Be safe!!!**

Pambansang Tanggapan sa Pag−papalaganap ng Kaligtasan at
Kalusugan sa mga Pagawaan ng Barko
Director General　　関　田　彰


# 1. Pangkalahatan Kaalaman

- 3P（Pagpili・Pag-aayos・Paglilinis）
- Mga Karatula para sa Kaligtasan at Kalusugan
- Ligtas na Daanan・Daanan ng Manggagawa
- Damit Panggawa at Gamit Pangkaligtasan
- Mga Katugunan sa mga Oras ng Disgrasya
- Mga Gawain Kailangan ng Lisensya o kwalipikasyon


# 3P（Pagpili・Pag-aayos・Paglilinis）




**Ihanay o ilagay ng pasalungat sa daanan**




**Pagsamahin ang magkakatulad na bagay**




**Huwag ilagay sa ilalim ang bagay na balak gamitin kaagad**




**Tiyakin lagyan ng kalso o kalang ang mga bilog na bagay**




**Ikamado simula sa mabigat-pagaang at simula sa malaki-paliit**



**Ang taas ay hindi lalabis sa ikatlong bahagi ng lapad (pinakamaliit na bahagi) ng ilalim/ibaba**



**Ang mahahabang bagay ay ikamado ng nakahiga**



**Kung ikakama ng patayo, itali ng lubid upang hindi bumagsak**

①**Pagpili:** Ihiwalay ang mga kailangan bagay sa hindi kailangan bagay at itapon ang hindi kailangan bagay.

②**Pag-aayos:** pagplaplano kung paano ilalagay, aayusin at pagkakama ng mga kailangan bagay upang ito ay medaling magamit at maunawaan.

③**Paglilinis:** Alisan ng dumi at alikabok at panatiliin sa malinis na katayuan.

# Mga Karatula na nauukol sa Kaligtasan at Kalusugan

① 


② 


③ 


④ 


⑤ 


⑥ 


⑦ 


⑧ 

⑨ 

Ang mga karatula para sa Pag-iingat at Kalusugan ay inilagay upang maiwasan ang aksidente o kapahamakan.･･･

①立入禁止：Bawal Pumasok dito.

②消 火 器：GamitPamatay Sunog.

③昇降禁止：Huwag gamitin sa pag-akyat at pag-baba.

④火気厳禁：. Bawal gumamit ng apoy

⑤禁　煙：Bawal ang manigarilyo.

⑥酸欠危険：Babala sa kakulangan ng hangin oksiheno..

⑦高電圧注意：Mag-ingat Mataas na Boltahe ng koryente..

⑧避 難 口：Labasan sa oras ng kagipitan/sakuna

⑨喫 煙 所：Lugar ng panigarilyohan…

# Ligtas na Daanan·Daanan ng Manggagawa









Sa pagawaan ay may Ligtas na Daanan at Daanan para sa Manggagawa.

①. Ang Ligtas na Daanan ay kulay puting linya at dilaw naman para sa Daanan ng Manggagawa..

②Huwag maglagay ng anumang bagay o mga bagay na naka−usbong sa Ligtas na Daanan o Daanan ng Manggagawa..

③Kung maglalakad sa pagawaan ay gamitin lamang ang Ligtas na Daanan at Daanan ng Manggagawa..

Ang Ligtas na Daanan ay kulay puting linya at dilaw naman para sa Daanan ng Manggagawa..

# Damit Pangtrabaho at Gamit Pangkaligtasan




DAMIT PANTRABAHO

①Isara lamang mabuti ang mga butones..

②. Huwag gumamit ng damit panloob na gawa sa sintetik/kemikal para sa mga trabahador na gumagamit ng apoy..

Gamit Pangkaligtasan

①Helmet: Siguruhin nakasara ang chinstrap

②Goggles: Mag-suot ng goggles kapag gumagamit ng panghasang de motor, makinang pang-putol at iba pa...

③Ear Plugs: Isuot lamang ng wasto..

④Dust Mask: Palitan lamang ang maruming filter.

Gas Mask: Kaagad palitan ang filter kapag may naamoy na kakaiba

⑤Safety belt: Gumamit lamang ng belt na walang sira at hindi luma..

⑥Foot cover: Gumamit ng takip sa binti kapag kapag mababang sapatos ang gamit..

⑦Safety shoes: Tiyakin hindi sira o laspag na ang suwelas ng sapatos...

Protective-shell: Tiayakin gamitin ito sa mga itinakdang lugar..

# Mga Katugunan sa mga Oras ng Disgrasya

1、Sumigaw at humingi ng tulong sa mga taong nasa paligid.




2.Huwag isagawa ang pagsaklolo ng nag-iisa

(May panganib sa kakulangan ng oksiheno at pagkalason sa gaas)



(Panganib sa Koryente )




3. Paglilipat sa Biktima ng Sakuna



Kapag naganap ang Kapahamakan ay manatili lamang mahinahon at kumilos ng naaayon..

①Kung makakakita ng nasaktan tao ay sumigaw ng tulong sa mga tao sa paligid..

②Patayin ang koryente sapagkat may panganib mula sa koryente, kakulangan sa oksiheno at pagkalason sa gaas at huwag isagawa ang pagsagip sa biktima ng nag-iisa..

③Pagkilos:tulungan lamang ang biktima kapag dumating na ang ibang tutulong..

④Mag-plano sa hinaharap kung papaano ang gagawin at kung paano makikipag-ugnayan sa mga taong sangkot sa oras ng Kapahamakan..

# Mga Gawain Kailangan ng Lisensya o kwalipikasyon

## Crane Operation



Kargamento:
-5-tonelada o higit pa: kailangan ng lisensya (Operasyon ng Crane ay nasa lupa:Pagsasanay ng kakayahan )
•Mababa sa 5-tonelada: Espesyal na Edukasyon

## Forklift Operation



-Pagsasanay ng kakayahan (1-tonelada o higit pa)
-Espesyal na Edukasyon (Mababa sa 1-tonelada)

## Gondola Operation



Pagsasanay ng kakayahan

## Specific Dust-Work



Espesyal na Edukasyon

## Aerial platform operation



Pagsasanay ng kakayahan (Mataas sa 10metro)
-Espesyal na Edukasyon (Mababa sa 10m )

## Assembly, dismantling and adjustment in scaffolding works



-Espesyal na Edukasyon

## Grinding and stone replacement



-Espesyal na Edukasyon

## Rigging works



Bigat ng kargamento: Pagsasanay ng kakayahan (1-tonelada o higit pa)
·Espesyal na Edukasyon (Mababa sa 1-tonelada)

## Ark-welding



Espesyal na Edukasyon (dust & arc welding)

## Handling of Low voltage



-Espesyal na Edukasyon

# 2、Pag-iwas sa mga aksidenteng pagkahulog

## Tuntungan sa pag-gawa

## Mga bukas na lugar


## Hagdanan

## Aerial Platform· Tagapag-angat

**Mga paraan sa paggamit ng “safety belt o harness”**

（Safety belt na sinturon at safety belt na sumosuporta sa buong katawan ng tao）


# Tuntungan sa pag-gawa



Ok ang kabit ng belt !!!



Huwag baguhin
ng walang paalam



Huwag tumapak sa barandilya

①Ang lugar ng trabaho may taas na higit sa 2–metro.

Kapag gumagawa sa entabladong may taas na 2–metro o higit pa ay kailangan gumamit ng ‘safety belt’..

②Huwag tanggalin ang baklasin o baguhin ang nakabit na tuntungan ng walang paalam..

③Kapag gumagawa sa mataas na tuntungan ay itali o ilagay sa lalagyan bag ang mga gamit o kasangkapan upang ito ay hindi malaglag..

④Kapag gumagawa sa tuntungan kahoy ay limitahan sa dalawang tao lamang ang pwedeng magtrabaho..

⑤Huwag magtrabaho ng lagpas sa babalang–lubid nakatali sa gilid ng bloke..

⑥Huwag tumapak sa barandilya o nasa alanganin pwesto sa paggawa..

(Maging sa pagkilos kapag gumagawa sa ibabaw ng tuntungan sa paggawa.)

# Mga bukas na lugar








①Huwag lumapit sa mga bukas na lugar kung walang nakakabit na mga hakbang para makaiwas sa sakuna..

②Kung may makikitang problema para sa mga hakbang para makaiwas sa sakuna ay gumawa ng karapat-dapat na kilos/hakbang o ipaalam sa mga kinauukulan..

③Huwag tanggalin ang takip na gamit para maiwasan ang pagkahulog sa butas o ibalik ang takip pagkatapos ng gumawa..

④Parating gamitin ang lubid para sa pagbitbit pataas o pagbaba ng gamit o kasangkapan..

# Paggamit ng Hagdanan







①Tiyakin nakatali ng mahigpit ang hagdanan bago ito gamitin sa pag-akyat o panaog..

②Kapag umaakyat o panaog sa hagdan ay huwad magdala ng anuman sa kamay (tatlong puntong nakasayad/naka-ugnay)..

③Kapag gumagamit ng gumagalaw na hagdanan ay itali muna ito ng mahigpit at kung hindi pwede ay tumawag ng katulong para hawakan ang hagdan upang ito ay maging matatag bago gamitin sa pag-akyat..

# Aerial Platform· Taga-angat



①Ang taong may kwalipikasyon lamang ang pwedeng magpaandar (Pagsasanay sa kakayahan para sa 10-metro pataas, at Espesyal na Edukason para taas na 10-metro pababa)..

②Gumawa ng inspeksyon mga itinalagang lugar para suriin bago magsimulang magtrabaho...

③Dalawang manggagawa lamang ang pwedeng sumakay sa "platform"..

④Tignan kung mayroon gamit pamatay apoy o tubig-pamatay apoy sa loob ng sakayan-timba...

⑤Huwag tanggalin ang proteksyon barandal para sa ulo ng walang paalam at huwag ilabas ang katawan sa proteksyon barandal..


⑥Ikawit ang 'safety-belt' sa lugar na mataas pa sa inyong baywang...

⑦. Mag-ingat sa mga umbok at nakaharang sa daanan, at huwag magpatakbo sa mga lugar na nakatagilid.

# Mga paraan sa paggamit ng “safety belt o harness”

## （Safety belt na sinturon at safety belt na sumosuporta sa buong katawan ng tao）




①Suriin ang belt kung ito ay may sira o lamat at iba pang diprensya..

②Kapag gumagawa sa taas na 2-metro o higit pa, isabit ang ankla ng belt sa lugar na mas mataas sa baywang..

③Huwag papalagpasin sa higit sa dalawang tao ang nakasabit sa principal na lubid…

# Pag–iwas sa mga Sakunang Pag–guho o Nadaganan

## Mga Patakaran na dapat sundin sa Pag–buo ng mga Bloke




①Bago simulang magbuo ng bloke ay i–check muna ang mga dapat gamiting kagamitan tulad mga pangsuportang "jigs"..

②Tiyakin matatag ang welding sa suportang bakal (tanggalin ang "slag")...

③Sa pagbubuo ng mga bloke ay kailangan magkaroon ng kompletong palitan ng inpormasyon upang maiwasan ang sakuna. At huwag payagan lumapit ang ibang manggagawa habang hindi pa matibay ang pagkakabit ang mga bahagi ng bloke...

# 4、Pag-iwas sa mga Sakunang Pagkaka-ipit

## Pag-iingat sa mga makinaryang umiikot at makinang pambutas..






①Ang mga naatasan tauhan lamang ang pwedeng gumamit..

②Mag-ingat na maipit ng makina ang damit,tuwalya, at iba pa...

③Ipinagbabawal ang paggamit ng guwantes kapag nagpapaandar ng makinang umiikot..

④Parating patayin ang koryente at maglinis sa paligid pagkatapos ng trabaho...



ボール盤取扱い注意事項

1、指名者以外の者は使用禁止

2、頭部や着衣等がドリルに巻き込まれない様な服装をすること

3、手袋（軍手・皮手袋）の使用禁止

4、キリの取替、または機械に注油する際はスイッチを切り回転が完全に停止してから行うこと

5、加工物はいかなる物でも固定、回り止めを行うこと（手で持つことは禁止）

6、キリ冷却油、水等の注入は要具等で行う


7、切削屑の除去はスイッチを完全に停止してからブラシ等で行うこと

# 5、Pag-iwas sa mga Sakunang Pagkaka-koryente

## Pagpapa-andar ng Arc Welding (AC Arc Welding Machine)

## Halimbawa sa operasyon ng koryenteng mababa ang boltahe..

# Pagpapa-andar ng Arc Welding (AC Arc Welding Machine)




①Circuit-breaker: Suriin muna kung gumagana bago magtrabaho.e

②Graun sa supply ng kuryente: Ikabit ang linya ng graun sa loob ng kable ng koryente...

③Graun sa welding: tiyakin nakakabit ang graun dahil dumadaloy ang koryente para sa welding...

④Graun para sa kahon ng makinarya ng welding: Kailangan lagyan din ng graun ang kahon/bahay ng welding yunit..

⑤Graun sa bloke: kailangan naka-graun din ang blokeb dahil dumadaloy din ditto ang koryente...


⑥Aparato para makaiwas sa pagka-koryente: siguruhin gumagana ang aparato bago magsimulang magtrabaho..

⑦Guwantes at Hawakan: tiyakin hindi basa ang guwantes o hawakan ng pang-welding...






# An example of low-voltage electric handling duties




Ang mga gawain napapaloob sa mababang boltahe ng koryente ay nagbibigay panganib makoryente.. Ang ng gawain may panganib makoryente ay bibiyan ng pansin.

①Suwits：Huwag kalimutan patayin ang koryente..

②. Takip sa Insulasyon: may panganib na makoryente sa nakalabas na bahagi ng linya..


③Kwalipikasyon: gumawa lamang ng trabaho sa mababang boltahe ng koryente kapag nagtapos na sa Espesyal na Edukasyon...

# 6、Pag-iwas sa Pagsabog o Sakuna sa Sunog

## Mga Hakbang sa Pag-iwas sa Pagsabog o Sunog

## Mga Pangunahin Pag-iingat sa Gawain Pagpipintura

# Pag-iwas sa mga Sakuna sa Pagsabog at Sunog



①Para sa mga Gawain gumagamit ng Apoy: Magdala ng tubig o aparatong pamatay sunog...

②Ilagay ang tanke ng gaas ng nakatayo at nakatali ng kadena, at ilagay sa lugar na maganda ang daloy ng hangin at sa temparutarang 40℃.

Alagaan ang sarili laban sa init ng araw sa paggamit ng net laban sa init...

③Gamitin lamang ang hose na nasuri na kung ayos gamitin...


④.Kung gagawa sa loob ng tanke gamit ang apoy ay tignan lamang kung may bagay na medaling masunog at tignan din ang likuran ng dingding..

⑤Maglagay ng aparatong pangkaligtasan sa tanke ng oksiheno at gaas...

⑥Lagyan ng takip laban sa apoy kung kumakalat ang alipato mula sa welding...



# Pangkalahatang pag-iingat sa trabahong pagpipinta..




①Magtrabaho ng alinsunod sa instruksiyon ng Foreman sa paggamit ng organic na pantunaw..

②Huwag magdala ng sigarilyo at lighter sa lugar ng pinipinturahan...

③Alamin ang lugar ng tanke ng pamatay apoy bago magsimula ng trabaho...

④Kung gumagamit ng gas-mask at nakaamoy ng kakaibang amoy ay agad ng gas-filter o canister...

⑤Kung gagamit ng mask na takip ang buong mukha ay tiyakin lamang na ito ay lapat..


⑥Kung gagawa sa loob ng tanke ng bloke ay maglagay lamang ng bentilasyon ng hangin at gumamit ng ilaw na may panlaban sa pagsabog...

⑦Kung gumagamit ng ‘airless-coating’ makina ay ikabit lang ng ayos ang graun..

⑧Ipinagbabawal ang pagkain o pag-inom sa lugar ng gawaan..

# 7、Pag-iwas sa mga Sakunang Masugatan o Magalusan

## Pag-iingat sa paggamit ng 'grinder'



①Parating gumamit ng gamit pangproteksyon tulad ng goggles, dust mask at guwantes na balat...

②Ang magpapalit ng grindstone ng grinder ay kailangan kwalipikadong tao na nagtapos ng Espesyal na Edukasyon..

③Kailangan tiyaking nakabit ng maayos ang pangproteksyon takip ng grinder..

④Itago ang grindstone sa lugar na hindi mauulanan...


⑤Suriin ang mga sira sa de-koryenteng grinder tulad ng bitak sa linya ng koryente o putok sa plug...

⑥Matapos magpalit ng grindstone ay paandarin ito sa loob ng 3-minuto at obserbahan kung may abnormal na tunog o pangangatal...

⑦Kung magbabago ng posisyon sa paggawa ay kumilos ng maingat dahil patuloy na umiikot ang grinder...

⑧. Kapag natapos ang paggawa ay patigilin ang pag-ikot ng grinder at ilagay itong nakaharap pataas..

# 8、Pag–iwas sa mga Sakunang Madapa



①Huwag maglalakad habang ang kamay ay nakapasok sa bulsa  o nakipag–usap sa ibang tao at gumagamit ng cellphone..

②Gumamit ng ‘safety–shoes’ na hindi madaling madulas…

③Huwag maglagay na anumang bagay hagdanan o sa ligtas na daan para sa manggagawa..

# 9、Pag-iwas sa mga Sakit mula sa Pagtratrabaho

- Trabahong may ugnay sa Organik na Pantunaw
- Trabahong ugnay sa Kakulangan ng Oksiheno
- Trabahong ugnay sa Alikabok/Dust
  - ・Trabaho sa Welding/Paghinang
  - ・Trabaho sa Pag-gurain
  - ・Pneumoconiosis
- Trabahong gumagamit ng Kasangkapan Umaalog
- Trabahong kaugnay ang Ingay
- **Pagtratrabaho sa kalagayang may mataas na temparatura at mataas na kaumiduhan..**

# Trabahong may ugnay sa Organik na Pantunaw




Ang paglanghap ng makapal na singaw nito ay maaaring maging sanhi ng "Malalang Pagkalason Organik na Pantunaw"..
Bigyan pansin ang mga sumusunod:.
①Tiyakin ang sapat na bentilasyon ng hangin...
②Gumawa ng ayon sa mga instruksyon ng Foreman...
③Gumamit ng mask or 'air-line mask'..
④Kung gagamit ng 'gas-mask' ay palitan kaagad ang filter ng mask o canister kapag may nalanghap na kakaibang amoy..

Kung hindi tama ang gamit sa mga kagimitang pang-proteksyon ay kahit na manipis na singaw ng nakakalasong kemikal na ito ay maaring magdulot ng matinding pagkalason katulad lamang ng "neuropathy, renal disorder at pinsala sa atay ng tao".

※Ang nagtratrabaho sa lugar na may organic na pantunaw ay kailangan kumuha ng medical na pagsusuri para sa organic na pantunaw..

# Trabahong ugnay sa Kakulangan ng Oksiheno




Kung ang oksiheno ay mababa sa 18%, ang paghinga ay titigil at maging dahilan pagkahilo, panginginig, pagsusuka at iba pa na maaring magbunga ng kamatayan…

①Siguraduhin sapat ang bentilasyon ng hangin…

②Mag-ingat sa panganib dulot ng kakulangan ng Oksiheno…

③Sumunod sa mga instruksyon ng foreman ukol sa trabahong ugnay sa kakulangan ng oksiheno..

④Tiyakin nasukat na ang densidad ng oksiheno bago simulant ang trabaho…

Mga lugar kung saan nagaganap ang kakulangan ng Oksiheno…

①Dingding sa loob ng 'ballast tank', dingding sa loob ng 'Hold', Oksihenasyon ng kargamento at iba pa…

②Paggawa sa saradong kapaligiran (pagkonsumo ng Oksiheno)..

③Ang oksihenasyon ng nakalabas na dingding sa loob ng tanke…

④Sa loob ng tanke kung saan nagkakaroon ng amag…

⑤Paglanghap ng mga mikro-organismo sa loob ng tanke..

# Trabahong ugnay sa Alikabok/Dust

## ・Gawain sa Welding




Ang gawain sa welding ay maaring maging sanhi ng「Pneumoconiosis」

①Lagyan ng sapat na bentilasyon ng hangin ang gawaan...

②Gumamit ng  maskara para sa alikabok..

※Palaging suriin ang gamit pang-proteksyon at panatiliin itong nasa mabuting kalagayan...

## ・Gawain sa Grinding



Kapag ang tao ay nakakalanghap ng maraming alikabok mula sa pag-gurain o pagpapakintab siya ay maaring magdusa sa sakit na “Pneumoconiosis”

①Maglagay ng sapat na bentilasyon ng hangin...

②Gumamit ng maskara sa alikabok, salaming proteksyon sa mata at pamasak sa tenga (earplugs)...


# Trabahong ugnay sa Alikabok(Dust)

## ・Pneumoconiosis


Ang manggagawa nakalantad sa kapaligiran may gumagamit ng ‘arc-welding’ at nag-gurain ng bakal ay magkakaroon ng sakit na “Pneumoconiosis”.

Ang mga manggagawa na nakalantad sa gawaing may alikabok ay dapat kumuha ng pagsusuri sa kalusugan ukol sa Pneumoconiosis..

※Walang gamot sa sakit na Pneumoconiosis.



**Normal na Baga**



**Pneumoconiosis**

Ang matagal na paglanghap ng alikabok ang naging dahilan ng maitim na baga..

# Trabahong gumagamit ng Kasangkapan Umaalog



Gawain sa pag-gurain

"Raynaud' s Syndrome (white wax disease)" ay kapansanan dulot ng paggamit ng mga kasankapan umaalog na hawak ng kamay habang gumagawa tulad ng "grinders at chippers"...

①Suriin muna ang mga kasangkapan umaalog bago gumawa...

②Gumamit ng guwantes panlaban sa pag-alog...

③Gumamit ng maskara sa alikabok, salaming proteksyon sa mata at pamasak sa tenga (earplugs..




Paggamit ng Chipper para alisin angl slag



White wax disease

# Trabahong kaugnay ang Ingay




Tunog ng hindi kalakasan pagpalo ng martilyo 100 dB



Gawaing Mag-Gurain 85dB

Ang pakikinig ng Ingay sa mahabang panahon ay maaring magbunga ng "Pagkabingi dahil sa Trabaho"...

※ Walang gamot para sa "Pagkabingi dahil sa Trabaho"...

①Gumamit ng pamasak- tenga (earplugs) kapag gumagawa sa maingay na lugar...

②Ilagay ng maayos ang pamasak-tenga sa inyon tenga...



Kung papaano ilagay ang pamasak-tenga..

## Pagtratrabaho sa kalagayang may mataas na temparatura at mataas na kaumiduhan..



Sa lugar ng gawaan na kung saan may mataas temperatura at umido ay maaring maging sanhi ng “heatstroke” na maaring maging dahilan ng kamatayan…

①Uminom ng tubig (inumin sa paligsahan) at kumain ng katamtamang asin..

②Magsuot ng damit na may magandang tagusan ng umido at presko para mahusay na makadaloy ang hangin…

③Kung masama ang iyong pakiramdam ay huwag mag-atubiling magsabi sa boss…

Kung may naaangkop sa iyo sa ibaba ay mag-ingat sa ‘heatstroke’..

*Nagpupuyat sa gabi..

*May ‘hangover’ dulot ng labis na paginom ng alak..

*May lagnat, pagtatae at may sipon


*Hindi kumain ng almusal..


*Masama ang pakiramdam..

# 10、Halimbawa ng mga sakunang dinanas ng mga dayuhan teknikal-intern trainees

- Bumagsak ang binubuhat na kargada at tinamaan ng bumagsak na parte na siyang naging sanhi ng pagkamatay..
- Naipit sa bumagsak na pader na siyang ikinamatay..
- Namatay pagkatapos mahawakan ang bentilador na may koryente/graun...
- Namatay sa pagkakasunog dahil ang damit pantrabaho nag-apoy sanhi ng tilamsik ng apoy..

## Bumagsak ang binubuhat na kargada at tinamaan ng bumagsak na parte na siyang naging sanhi ng pagkamatay







### Mga Sitwasyon na humantong sa Aksidente:


- Para ilipat ang materyales, ang mga plantsa ng bakal ay pinagpatong-patong (pero ito ay hindi itinali) at binuhat ng 60-ton jib-crane..
- Ang kargang materyales ay bumagsak ng umindayog ito sa pagkabuhat..
- Ang biktima na malapit sa ilalim ng kargada ay tinamaan sa liko ng bumagsak ang kargada..

### Hakbang para Maiwasan ang Aksidente

- Mag-ingat na matibag ang kargada habang ito ay inililipat katulad ng paglalagay ng mga maliliit na bagay sa paleto at iba pa..
- Lumipat sa ligtas na lugar kapag may dumadaan kargamento sa itaas ninyo...

# Naipit sa bumagsak na pader na siyang ikinamatay..




## Mga Sitwasyon na humantong sa Aksidente


Nang ikinakabit na ang panggilid na dinding sa lugar ng asembleyo, inilabas ng biktima ang kalahati ng kanyang katawan sa bintana ng dingding at binatak ng higit sa kailangan puwersa ang dingding sa pamamgitan ng 'block-lever' na siyang naging dahilan upang ito ay tumumba..


- Ang pansamantalang hinang sa suporta sa DECK ay bumigay na siyang dahilan ng pagbaksak kung kaya naipit ang mukha ng biktima sa plantsang metal sa BOAT DECK na malapit sa 'jig'..

## Hakbang para Maiwasan ang Aksidente

- Mahigpit na sundin ang patakaran sa trabaho at panuntunan sa pag-iwas sakunang pagbaksak..
- Hindi kailangan lagyan ng sobrang puwersa ang lever-block…

# Namatay pagkatapos mahawakan ang bentilador na may koryente/graun..





## Mga Sitwasyon na humantong sa Aksidente


Habang naglalakad sa ibabaw ng 'car deck' na maraming tubig ulan, hinawakan ng biktima bentilador na siyang naging dahilan ng kanyang pagkakakoryente..


- Ang bentilador ay may graun mula sa tagas ng koryente.
- Hindi kinabitan ng 'electric leakage breaker'..
- Maraming tubig ulan sa paligid ng bentilador na naging dahilan sa medaling pagkakakoryente..
- Ang pagkonekta sa linya ng koryente ay ginawa ng hindi kwalipikadong tao..

## Hakbang para Maiwasan ang Aksidente

- Suriin kung mayroon tagas sa koryente..
- Huwag hawakan ang de-koryenteng makina ng basta-basta...

## Namatay sa pagkakasunog dahil ang damit pantrabaho nag-apoy sanhi ng tilamsik ng apoy..





### Mga Sitwasyon na humantong sa Aksidente

Habang ang kemikal-tanker na barko ay ipinapasok sa dock, ang biktima ay naghihinang na gamit ang $CO_2$. Ang alipato mula sa welding ay sumunog sa damit ng biktima na siya niyang ikinamatay..

- Ang biktima ay naghihinang na gamit ang $CO_2$ sa loob ng tanke…
- Habang naghihinang ang biktima, ang alipato mula sa paghihinang ay pumunta sa kanyang damit na ikinasunog nito…

### Hakbang para Maiwasan ang Aksidente

- Huwag magsuot ng damit pantrabaho kasama ang panloob na gawa sa sintetikong hibla…